



The Philippine Center of ITI/Earthsavers UNESCO DREAM Center
Asia-Pacific Bureau of UNESCO-ITI Chair for trainers training in Theatre for All
Gotesco Regency Twin Towers B, Unit 1203, Natividad Lopez Street, Ermita, Manila 1000
Tel.: (632) 5246662, 998-6790 Mobile Number: +63-916-342-5047/ +639175432-889
Email: radyalintataw2012@yahoo.com/dreamcenterphilippines@yahoo.com.ph

World Theatre Day Message, 2012

by John Malkovich

Multi-Awarded Actor-Director

Translated into the Philippine National Language

by: Dr. Cecile Guidote Alvarez

President, Phil. ITI and ITI-CIDC

Director Earthsavers UNESCO DREAM Center

Karangalan kong naatasan ng International Theatre Institute sa UNESCO na mag-alay ng pagbati sa paggunita ng ika 50 Annibersaryo ng pandaigdigang araw ng teatro. Ipinapabahagi ko ang aking maikling mensahe sa mga kapwa ko alagad ng Sining, kasamahan at kabalika't sa tanghalan.

Naway maging mapanghikayat-kilos at kakaiba ang inyong likha. Harinawang ito'y maging malalim ang pananaw, nakaantig damdamin, nakakapukaw-isip at katangi-tangi. Nawa'y matulungan tayo sa pagninilay-nilay sa kabuluhan ng pagiging isang tao at sana ang pagmumuning ito ay mabiyayaan ng katapatan, katotohanan at pagpapala!

Nawa'y malampasan ang panganib, mapagwagian ang paninikil, malagot ang tanikala ng kahirapan at nihilismo gaya ng kailangang gawin ng karamihan sa inyo.

Nawa'y mapayabong ang inyong kagalingan at paninindigan na ipaunawa ang pintig ng puso pati kasalimuotan bumabalot sa buhay. Gayon din sana ang kababaang loob at ng pagkakaroon ng kasabikang tuklasin ito, bilang misyon sa buhay.

At karaniwang ang mahuhusay sa inyo, sapagkat tanging ang mahuhusay lamang sa inyo - sa bihira at maikling panahon, ang magtatagumpay sa paglalarawan ng pinakamahulugang katanungan sa buhay kung " paano ba tayo mamumuhay "? Diyos ang gumabay!

Broadcast on DZRH, Radyo Balintataw. English message and Pilipino translation for World Theatre Week disseminated to theatre groups and posted on website (NCCA) including video link created by Pixel Arts Media.

Published in various papers- Philippine Star, Philippine Daily Inquirer, Manila Bulletin and Manila Times. Other mother tongue translations secured and coordinated in partnership with Komisyon ng Wikang Filipino (KWF) headed by Chairman Laderas Santos.